ASIA WORKSHOP:
IYAFA 2022-Celebrating Sustainable and Equitable Small-scale Fisheries

Sesyon 1: Akses mga rekurso para sa municipal o artisanong komunidad pangpangisdaan

Sa konteksto ng pangisdaan, ang salitang 'akses' ay tumutukoy sa karapatan o pagkakataong makinabang sa o gumamit ng mga may buhay na rekurso, o makinabang sa o gumamit ng isang teritoryo na kaugnay ng may buhay na rekurso at kabuhayan ng mga komunidad pangpangisdaan.

Maaaring ito ay 'bukas sa lahat na akses' kung ang pagkakataon na makinabang mula sa o gumamit ng isang rekursong pandagat o panloob na katubigang pangisdaan ay hindi batay sa anumang legal o institusyonal na balangkas o gabay, kabilang ang kasulatang tradisyonal o nakagawiang institusyon.

Ang akses, sa kabilang banda, ay maaaring maging isang 'karapatan sa pagmamay-ari' kapag ito ay nakabatay sa isang institusyonal na balangkas (tradisyonal, kaugalian o pormal na batas) na nagbibigay at pumuprotekta sa mga karapatang sa pakikinabang mula sa o gumamit ng mga rekursong lupa at pangisdaan—na kadalasan ay sa indibidwal. o kolektibong antas.

Alinsunod sa Voluntary Guidelines on the Responsible Governance of Tenure of Land, Fisheries and Forests in the Context of National Food Security (VGGT), ang mga sistema sa pagmamay-ari ay naglalayong tukuyin at pangasiwaan ang mga karapatan sa pagmamay-ari, lalo na kung paano ang mga lalaki at babaeng mangingisda at pangpangisdaang manggagawa sa *value chain* ay nagtatasama ng karapatan sa rekursong lupa, tubig o mga may buhay na lamang dagat, at tukuyin kung sino ang maaaring gumamit sa mga rekursong ito, gaano katagal at sa ilalim ng anong sitwasyon. Kapaloob ng mga karapatan at responsibilidad kaugnay sa pagmamay-ari, sinisikap ng VGGT na tiyakin ang responsableng pamamahala sa pagmamay-ari, dahil ang pangisdaan, kasama ng kalupaan at kagubatan, ay itinuturing na sentro ng pagsasakatuparan ng mga karapatang pantao, seguridad sa pagkain, pagpuksa sa kahirapan, sustenableng kabuhayan, katatagang panlipunan, seguridad sa pabahay , at pag-unlad sa kanayunan (talata 4.1).

Ang mga elemento ng karapatan sa pagmamay-ari sa konteksto ng pangisdaan ay maaaring magpaloob sa: mga karapatan ng indibidwal o komunidad na gumamit ng pinahihintulutang sasakyang pandagat (demakina man o hindi) at kagamitan sa pangingisda (hal., nakatigil, nakapalibot, hinihila o hindi hinila) sa mga itinalagang katubigan/lugar upang i-target ang mga partikular na rekurso sa loob ng itinakdang panahon. Ito ay maaaring batay sa hindi nasusulat na kaugalian o mga lokal na kasanayan ng komunidad; alituntunin ng mga kooperatiba o asosasyon; mga alituntunin ng Estado; o mga lisensya/permiso. Bagama't ang ilang mga elemento ng mga karapatan sa pagmamay-ari ay mahusay na nabuo sa konteksto ng ilang heyograpiya, ang iba ay

hindi nabuo nang maayos at kailangang maging epektibong karapatan upang maging bahagi ng isang magkakaugnay na kabuuan.

Sa kontekstong ito, mapapansin na ang Sustainable Development Goal (SDG) 14b—"magbigay ng akses para sa maliliit o artisanong mangingisda sa mga yamang-dagat at pamilihan"—na bahagyang nagpapaugong sa kahalagahan ng mga karapatan sa pagmamay-ari sa konteksto ng karagatan.
Ang karapatan sa pagmamay-ari sa lupa ay maaaring pumaloob sa karapatan sa pansamantala o permanenteng pagmamay-ari ng lupa kahit para lamang sa pabahay at iba pang pasilidad, para sa pangingisda, pagproseso at pagbebenta ng isda, at para sa kapakanan ng mga komunidad sa pangisdaan.

Alinsunod sa Voluntary Guidelines for Securing Sustainable Small-Scale Fisheries in the Context of Food Security and Poverty Eradication (ang SSF Guidelines), ang mga karapatan sa pagmamay-ari ay maaaring pumaloob sa pagbibigay ng Estado ng preperensyal na akses para sa munisipal o artisanong pangisdaan upang mangisda sa katubigang nasa paggawa at pagpapatupad ng eksklusibong sona para sa munisiapl o artisanong pangisdaan, lalo na upang makinabang ang mga bulnerableng grupo.
Bagama't ang mga karapatan sa pagmamay-ari sa lupa at mga katabi nitong anyong tubig ay isang malalim na interes para sa mga baybayin o riparian owner-operators at kanilang mga pamilya, ang kasalukuyang mga kasunduan sa pagmamay-ari ukol sa rekursong pandagat at panloob na katubigang pangisdaan, gayundin sa mga lugar sa baybayin at riparian, ay lubos na kulang upang matugunan ang mga panlabas na banta, at hindi pa ganap na nabubuo upang gumana bilang isang "sistema" upang protektahan at ipagtanggol ang mga karapatan sa pagmamay-ari ng mga artisanong maliliit na komunidad sa pangisdaan sa maraming mga lugar. Ito ay isang hamon na nananatiling kailangang matugunan.

Mga Tanong para sa Pang-grupong Talakayan
1. Tinatamasa mo ba ang mga karapatan mo sa pagmamay-ari, indibidwal at kolektibo, sa pabahay at iba pang yamang lupa na kailangan para sa iyong mga aktibidad sa loob ng value chain ng pangisdaan? Paano gagawing mas pantay at ligtas ang mga karapatang ito para sa kapwa lalaki at babae?
2. Tinatamasa mo ba ang mga karapatan mo sa pagmamay-ari sa mga rekursong pangpangisdaan, sa baybayin at mga riparian na lugar para sa mga lalaki at babaeng mangingisda at tagaproseso ng isda? Ang mga ito ba ay mga pormal na karapatan o tradisyonal/katutubo/kustomaryong karapatan? Ang mga karapatan sa pagmamay-ari, bilang halimbawa, ay kinikilala ang papel ng munisipal na komuniad pangpangisdaan upang ibalik, pangalagaan, protektahan at sama-samang pamahalaan ang mga lokal na pangkatubigan at kostal na ekosistema?

3. Anong uri ng mga banta ang kinakaharap ng mga komunidad sa pangisdaan na may kaugnayan sa kanilang pag-access sa lupa o mga anyong tubig? Paano nagagawa ng mga karapatan sa pagmamay-ari na makayanan at madaig ang mga banta na ito?
4. Mayroon bang mga kaso ng di-makatwirang pagpapalayas at pagwawakas ng mga karapatan sa pagmamay-ari ng maliliit na komunidad pangpangisdaan sa mga anyong lupa at tubig?
5. Mayroon bang mga inisyatibo upang maibalik ang akses sa mga tradisyonal na lugar pangpangisdaan at mga baybayin para sa maliliit komunidad pangpangisdaan na nawalan ng tirahan dahil sa mga natural na sakuna o di pagkakasunduan?
6. Mayroon bang makabuluhang konsultasyon sa maliliit na komunidad pangpangisdaan bago ang pagpapatupad ng mga malawakang proyektong pangkaunlaran? Ang mga pag-aaral sa epekto sa lipunan, ekonomiya at kapaligiran ay naguulat ng resulta ayon sa mga konsultasyong ito?

7. Mayroon bang epektibong mekanismo upang lutasin ang mga alitan sa karapatan sa pagmamay-ari at upang masiguro ang pagkakaroon ng remedy gaya ng pagsasauli, bayad-pinsala, marapat na kumpensasyon at reparasyon?